U.S. Citizenship and Immigration Services
Office of Communications

# Mga Tanong at Mga Sagot Dis. 17, 2010

## E-2 CNMI Hindi Imigranteng Kalagayan ng Namumuhunan Para sa Mga Banyagang Mamamayan na May Pangmatagalang-Panahong Kalagayan ng Pamumuhunan

**Paunang Salita**
Ang U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) ay nagpaskil ng pinal na patakaran sa *Pederal na Rehistro* na lumilikha ng hindi imigranteng klasipikasyon ng visa ng namumuhunan sa Commonwealth of the Northern Mariana Islands (CNMI). Ang "E-2 CNMI na Visa ng Namumuhunan" ay nagpapahintulot sa banyagang pangmatagalang-panahong mga namumuhunan na manatili sa CNMI hanggang Disyembre 2014 at nilalayon na tumulong sa transisyon sa batas imigrasyon ng U.S. sa CNMI. Ang pinal na patakarang ito ay nagpapatupad sa isa sa mga partikular na probisyon ng CNMI na Consolidated Natural Resources Act (CNRA) ng 2008, na nagpapalawig ng mga batas imigrasyon ng Estados Unidos sa CNMI.

**Background**
Ang Consolidated Natural Resources Act ng 2008 (CNRA), Publikong Batas 110-229 ay isinabatas noong Mayo 8, 2008. Ang Pamagat VII ng batas na ito ay nagpapalawig ng mga batas ng imigrasyon ng Estados Unidos sa CNMI. Ang isang probisyon ng CNRA ay nagpapahintulot sa Kalihim ng Homeland Security na iklasipika, sa panahon ng transisyon, ang banyagang namumuhunan sa CNMI bilang isang E-2 hindi migranteng namumuhunan. Ang panahon ng transisyong ito ay pormal na nagsimula noong Nob. 28, 2009 ay nakatakdang magtapos sa Dis. 31, 2014. Naaayon dito, ang patakaran ng USCIS ay nagpapahintulot ng banyagang pangmatagalang-panahong mga namumuhunan na manirahan sa CNMI hanggang Disyembre 2014 gamit ang kalagayang CNMI E-2 hindi migranteng namumuhunan. Ang patakarang ito ay pansamantalang magreresolba sa kalagayan ng imigrasyon ng mga pangmatagalang-panahong namumuhunan sa CNMI at naglalaan sa kanila ng oras para makakuha ng ibang naaayon sa batas na kalagayan sa imigrasyon sa ilalim ng mga probisyon ng Batas sa Imigrasyon at Pagkamamamayan (Immigration and Nationality Act) (INA). Katulad ng iba pang mga benepisyo sa imigrasyon, ang mga indibiduwal ay dapat mag-apply para sa kalagayang E-2 CNMI ng Namumuhunan.

**Mga Tanong at Mga Sagot**

**Q1. Bakit nilikha ng USCIS ang patakarang ito?**
*A1.* Bilang inatas ng CNRA, ang pinal na patakarang ito ay pinahihintulutan ang mga pangmatagalang-panahong banyagang namumuhunan sa CNMI na mag-apply para sa kalagayan bilang CNMI-lang na E-2 hindi migranteng mga namumuhunan. Nilikha ng USCIS ang pang-transisyong regulasyong probisyon na ito dahil sa bukod-tanging uri ng mga namumuhunan sa CNMI na hindi sa halip ay agad nararapat na makakuha ng migrante o hindi migranteng mga klasipikasyon ng visa sa U.S..

**Q2. Ano ang CNMI-lang na E-2 hindi migranteng kalagayan ng namumuhunan?**
*A2.* Ang patakaran ay nagtataguyod ng transisyonal na kalagayan na hindi umiiral saanman sa Estados Unidos upang pansamantalang maresolba ang kalagayang imigrasyon ng mga pangmatagalang-panahong namumuhunan sa CNMI sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga banyagang pangmatagalang-panahong mga namumuhunan na makakuha ng kalagayang tumira sa CNMI hanggang Disyembre 2014.

**Q3. Bakit pansamantala ang kategoryang ito?**
*A3.* Nilaan lang ng CNRA ang kalagayang ito sa panahon ng transisyon. Ang E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan ay nilayong tumulong sa transisyon patungong batas sa imigrasyon ng U.S. sa CNMI. Ang mga namumuhunang ito ay kailangang kumuha ng ibang migrante o hindi migranteng mga klasipikasyon ng visa ng U.S. sa katapusan ng panahon ng transisyon, o Dis. 31, 2014.

**Q4. Anong mga uri ng pahintulot sa trabaho ang kasalukuyang ginagamit ng mga namumuhunan sa CNMI?**
*A4.* Dahil sa ang panahon ng transisyon ay nagsimula noong Nob. 28, 2009, karamihan ng mga namumuhunan ay patuloy na nagtatrabaho sa ilalim ng ng ibinigay ng CNMI na mga "umbrella permits" o ibang mga pahintulot sa pagtatrabaho sa CNMI na ibinigay bago ang petsang iyon. Ang mga pahintulot na ito ay balido hanggang Nob. 27, 2011, o sa petsa ng pagkapaso nito, alinman ang mauna.

**Q5. Ano ang mga umiiral na pangangailangan para sa banyagang namumuhunan sa ilalim ng INA?**
*A5.* Sa ilalim ng batas imigrasyon ng U.S., ang mga banyagang namumuhunan ay kailangang pumasok sa Estados Unidos bilang mga hindi migrante sa loob ng kasunduang namumuhunang klasipikasyon na may E-2 visa o maaaring mabago sa E-2 na kasunduang namumuhunang hindi migranteng kalagayan mula sa loob ng Estados Unidos.

Upang maging kwalipikado para sa E-2 kasunduang namumuhunang kalagayan, ang kasunduang mga namumuhunan dapat ay:

- Mamuhunan ng makabuluhang halaga ng kapital sa isang lehitimo na establisimiyento sa Estados Unidos;
- Sikapin tanging itaguyod at pamahalaan ang negosyo;
- Pumasok sa Estados Unidos alinsunod sa mga probisyon ng kasunduan;
- Maging mamamayan ng isang bansa na mayroon nang kasunduan ng pagkakaibigan, komersiyo o nabigasyon ng Estados Unidos; at
- Layuning umalis sa Estados Unidos kapat nagtapos na ang kasunduang pamumuhunan na kalagayan.

**Q6. Ano ang mangyayari sa pagtatapos ng panahon ng transisyon?**
*A6.* Sa pagtatapos ng 2014, ang panahon ng transisyon ay mapapaso at ang E-2 CNMI namumuhunang kalagayan at visa ay mapapaso. Samakatuwid, ang mga indibiduwal sa CNMI na may E-2 CNMI na kalagayan ay dapat umalis sa CNMI sa pagtatapos ng panahon ng transisyon o maging kwalipikado para sa at kumuha ng ibang hindi migrante o migranteng kalagayan upang manatili ayon sa batas sa CNMI.

**Q7. Kailan magtatapos ang panahon ng transisyon?**
*A7.* Ang programang transisyon ay tatagal hanggang Dis. 31, 2014.

**Q8. Ang alin mang pagpapalawig ng panahon ng transisyon, bilang natukoy ng Kalihim ng Manggagawa, ay makakaapekto ba sa pagiging karapat-dapat para sa CNMI-lang na mga namumuhunang visa?**
*A8.* Hindi. Ang CNMI-lang na kalagayan ng namumuhunan ay magtatapos sa pagtatapos ng panahon ng transisyon. Ang anumang pagpapalawig ng Kalihim ng Manggagawa ay ipapataw lang sa CNMI na kategorya ng transisyonal na manggagawa. Bilang mandato ng CNRA, ang mga probisyon sa namumuhunan ay magtatapos sa Dis. 31, 2014, alinman kung may pagpapalawig sa probisyon sa transisyonal na manggagawa na maganap.

**Q9. Anong mga kalagayang hindi migrante o migrante ang maaaring patalaan ng mga namumuhunan sa CNMI?**
*A9.* Iyan ay depende sa mga indibiduwal na kaganapan. Ang mga namumuhunan ng kukuha ng E-2 CNMI na hindi migranteng kalagayan ay mayroon hanggang sa pagtatapos ng 2014 upang ayusin o

baguhin ang kalagayan nila. (Kahalintulad, ang mga namumuhunan sa CNMI ay kailangang mag-apply para sa hindi migrante o migrante na kalagayan kung saan sila kwalipikado nang hindi muna kukuha ng E-2 CNMI na kalagayan ng namumuhunan, subalit, hindi nila maaaring isaayos ang kalagayan sa isang kalagayan ng namumuhunan na batay sa negosyo nang hindi muna kumukuha ng batay sa INA na hindi migranteng kalagayan.) Ang ilang mga halimbawa ng migrante o hindi migranteng kalagayan na maaaring karapat-dapat ang Namumuhunang E-2 CNMI ay:

- Upang maging kwalipikado para sa isang L-1A hindi migranteng ehekutibo o tagapamahalang visa;
- Pagsasaayos ng kalagayan batay sa kalagayan ng mga miyembro ng pamilya; o
- Pagkwalipika sa ilalim ng namumuhunan o batay sa pag-empleyo na mga visa.

**Q10. Ano ang mangyayari sa mga dependyente sa mga E-2 na Namumuhunan sa CNMI sa panahon ng transisyon?**

*A10.* Sa panahon ng transisyon, ang mga dependyente (mga asawa at mga anak) ay maaaring maging kwalipikado para sa kalagayang umaasa sa ilalim ng pinal na patakaran ng E-2 Namumuhunan sa CNMI. Ang mga dependyente ay susunod sa karaniwang mga pamamaraan alinsunod sa mga pagpapalawig o mga pagbabago ng kalagayan para sa mga hindi migrante.

Sa pagtatapos ng panahon ng transisyon, ang mga asawa at mga anak ay sasailalim din sa parehong mga regulasyon katulad ng ibang migrante. Halimbawa, kung ang E-2 CNMI na Namumuhuhan ay kwalipikado para sa pagbabago ng kalagayan sa regular na E-2 na kalagayan sa pagtatapos ng panahon ng transisyon, ang mga dependyente sa kanya ay kailangang magpatala din para sa pagbabago ng kalagayan at magkwalipika sa ilalim ng mga probisyon ayon sa batas at regulasyon.

**Q11. Sino ang kwalipikado para sa CNMI-lang na "E-2" hindi migranteng visa ng namumuhunan?**

*A11.* Upang maging kwalipikado para sa E-2 CNMI Namumuhunang kalagayan, ang pangunahing aplikante dapat ay:

- Natanggap sa CNMI na may pangmatagalang-panahong namumuhunang visa sa ilalim ng batas imigrasyon ng CNMI bago ang Nob. 28, 2009;
- Patuloy na nanatiling residente sa CNMI sa ilalim ng pangmatagalang-panahong namumuhunang kalagayan;
- Sa kasalukuyan ay nagpapanatili ng (mga) puhunan na bumuo ng basehan para sa CNMI pangmatagalang-panahong namumuhunang kalagayan; at
- Sa halip ay pahintulutan na pumasok sa Estados Unidos sa ilalim ng Batas ng U.S. sa Imigrasyon at Pagkamamamamayan (U.S. Immigration and Nationality Act) (INA).

**Q12. Aling kasalukuyang CNMI na mga kalagayan ng namumuhunan ay kwalipikado?**

*A12.* Mga indibiduwal na pinapasok sa CNMI sa kalagayang pangmatagalang-panahong kalagayan ng namumuhunan sa ilalim ng batas sa imigrasyon ng CNMI ay kwalipikado, partikular ang:

- Isang pangmatagalang-panahon na namumuhunan sa negosyo na nabigyan ng pangmatagalang-panahon ng sertipiko ng negosyo ng CNMI batay sa puhunang hindi bababa sa $50,000;
- Isang banyagang namumuhunan na may banyagang puhunang sertipiko na binigay ng CNMI batay sa puhunang hindi bababa sa $100,000 sa isang pinagsamang aprubadong puhunan na lagpas sa $2 milyon o hindi bababa sa $250,000 sa isang aprubadong puhunan; at
- Isang retiradong namumuhunan na mas matanda sa edad 55 taong gulang na binigyan ng sertipiko para sa banyagang retiradong namumuhunan batay sa kwalipikadong puhunan sa isang aprubadong residensiya sa CNMI (ngunit hindi kasama ang dalawang-taong hindi-renewable na programang pamumuhunan ng retirado na limitado sa mga mamamayang Hapon).

**Q13. Paano nagdesisyon ang USCIS kung aling mga kategorya ang kwalipikado sa ilalim ng pinal na patakaran?**

*A13*. Tinutukoy ng CNRA ang pagpasok sa “pangmatagalang-panahong namumuhunan” na kalagayan sa ilalim ng mga batas ng CNMI kapag lumilikha ng E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan. Tanging mga kategorya ng CNMI na nagmandato ng pirming pinakamababang pasimulang halaga ng puhunan at nababago sa paglipas ng ilang taon (pangmatagalang-panahon) ang tinuturing na “pangmatagalang-panahon na namumuhunan” na mga kalagayan para sa patakarang ito, ito ay ang tatlong kategoryang nakalista sa itaas (pangmatagalang-panahong namumuhunan, banyagang namumuhunan at retiradong banyagang namumuhunan).

**Q14. Ilang tao ang kasalukuyang nasa tatlong CNMI pangmatagalang-panahong namumuhunang kategorya na ito?**
*A14*. Tinatasa ng USCIS na may tinatayang 500 banyagang-nakarehistrong mga namumuhunan sa CNMI na mga pangmatagalang-panahong mga namumuhunang kategorya.

**Q15. Aling mga CNMI na Namumuhunang kategorya ang hindi karapat-dapat para sa E-2 CNMI Namumuhunang kalagayan sa ilalim ng patakaran?**
*A15*. Ibang mga namumuhunan, kasama ang sumusunod, ay hindi karapat-dapat para sa E-2 visa sa ilalim ng pinal na patakaran:

- Ang sub-category ng retiradong namumuhunan ay partikular na limitado sa mga retiradong Hapon;
- Pang-maikling panahon na mga pahintulot sa pagpasok ng negosyo; at
- Pang-regular na panahon na mga pahintulot sa pagpasok ng negosyo.

**Q16. Bakit ang sub-category ng retiradong namumuhunan ay partikular na limitado sa mga retiradong Hapon na hindi karapat-dapat para sa E-2 namumuhunang kalagayan?**
*A16*. Ang patakaran ay hindi nagtuturing sa kategoryang ito bilang karapat-dapat, dahil ang mga indibiduwal na ito ay hindi klasipikadong mga “pangmatagalang-panahong namumuhunan.” Ang CNMI na pahintulot para sa dalawang-taong programa para sa mga retiradong Hapon ay hindi nababago at kailangan lang ng buwanang bayad sa renta sa halip na pangmatagalang-panahong puhunan.

**Q17. Ano ang magagawa ng mga retiradong Hapon kapag ang pahintulot nila ay napaso?**
*A17*. Sa Nob. 27, 2011, o sa pagpaso ng ibinigay ng CNMI na pahintutos sa retiradong Hapong namumuhunan (alinman ang mas naunang maganap), ang indibiduwal ay kailangang umalis sa CNMI maliban kung siya ay nag-apply para sa at karapat-dapat na manatili sa CNMI sa ilalim ng ibang ayon sa batas na kalagayan.

**Q18. Bakit ang mga indibiduwal na may maikling-panahon at regular-na-terminong mga pahintulot sa pagpasok ng negosyo ay hindi karapat-dapat para sa E-2 kalagayan ng namumuhunan?**
*A18*. Ang mga banyagang mamamayan na ayon sa batas ay pumasok sa ilalim ng CNMI maikling-panahon na pahintulot sa pagpasok ng negosyo o regular-na-terminong pahintulot sa pagpasok ng negosyo na mga kategorya ay hindi karapat-dapat dahil ang mga pahintulot na ito ay hindi pangmatagalang-panahon at hindi kailangan ng mga puhunan.

**Q19. Kung ang mga indibiduwal na may maikling-panahon at regular-na-terminong mga pahintulot sa pagpasok ng negosyo ay hindi karapat-dapat para sa E-2 visa ng namumuhunan, ano ang magagawa nila?**
*A19*. Ang mga indibiduwal na may maikling-panahon at regular-na-terminong mga pahintulot sa pagpasok ng negosyo ay hindi magiging karapat-dapat na makakuha ng E-2 CNMI visa ng Namumuhunan at samakatuwid ay kailangang umalis sa CNMI sa pagpaso ng kanilang ibinigay ng CNMI na kalagayan o sa Nob. 27, 2011, alinaman ang unang maganap O mag-apply sa at makakuha ng ibang migrante o hindi migranteng klasipikasyon sa ilalim ng INA na nagpapahintulot sa kanila na manatili sa CNMI.

**Q20. Ang mga banyaga ba na may nakabinbing CNMI na aplikasyon bilang Namumuhunan sa Nob. 28, 2009, ay karapat-dapat para sa bagong E-2 CNMI kalagayan ng Namumuhunan?**
*A20.* Ang mga banyagang mamamayan na hindi nakapasok bilang karapat-dapat na mga namumuhunang CNMI bago ang simula ng panahon ng transisyon ay hindi karapat-dapat para sa klasipikasyon bilang E-2 CNMI hindi migranteng mga namumuhunan. Samakatuwid, ang mga indibiduwal na may mga aplikasyon bilang namumuhunan sa nakabinbin sa CNMI sa epektibong petsa ng programang transisyon ay hindi karapat-dapat para sa E-2 CNMI Namumuhunang kalagayan.

**Q21. Ang indibiduwal ba na may aprubadong aplikasyon bilang namumuhunan ay karapat-dapat para sa E-2 CNMI kalagayan ng Namumuhunan?**
*A21.* Ang isang indibiduwal na hindi nakapasok bilang karapat-dapat na namumuhunan sa CNMI bago ang Nob. 28, 2009, ay hindi karapat-dapat para sa klasipikasyon bilang E-2 CNMI hindi migranteng namumuhunan. Samakatuwid, ang indibiduwal na may aprubadong aplikasyon bilang namumuhunan ngunit hindi nakapasok sa CNMI sa petsa ng pagka-epektibo ng programang transisyon ay hindi karapat-dapat para sa E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan.

**Q22. Ano ang kahulugan ng kailangan sa Namumuhunang visa na E-2 sa CNMI na "patuloy na pagpapanatili ng paninirahan"? Paano kung regular na nagbibiyahe ang namumuhunan sa labas ng CNMI?**
*A22.* Ang kahulugan ng "patuloy na pagpapanatili ng kanyang paninirahan sa CNMI" ay paninirahan sa CNMI mula sa petsa na ang indibiduwal ay nakamit ang kanyang kalagayan sa CNMI hanggang sa petsa kung kailan ibinigay ng USCIS ang bagong E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan. Hindi ito pareho sa patuloy na pisikal na presensiya; samakatuwid, ang namumuhunan ay hindi kailangang manatili sa CNMI sa buong panahon upang mapanatili ang patuloy na paninirahan. Inilalaan ng batas, subalit, na ang namumuhunan ay dapat pisikal na naroon sa CNMI nang hindi bababa sa kalahati ng panahon kung kailan ang patuloy na paninirahan ay kailangan. Dagdag pa, ang indibiduwal ay hindi magpapanatili ng patuloy na paninirahan kung umalis siya sa CNMI nang mahigit isang taon o umalis sa CNMI nang mahigit anim na buwan at hindi makapagpakita na hindi niya inabandona ang kanyang paninirahan sa pagkawalang ito.

**Q23. Maaari bang mawala ng namumuhunan ang kalagayan niya?**
*A23.* Oo, maaaring mawala ng namumuhunan ang kanyang kalagayan sa imigrasyon kung hindi siya nagpanatili ng (mga) puhunan na bumuo ng basehan sa pagkakapasok. Upang maitaguyod na ang namumuhunan ay nagpapanatili ng pamumuhunan o mga pamumuhunan na bumuo sa basehan ng pagpasok sa CNMI, kailangan ng patakaran na ang bawat aplikante ay magbigay ng partikular na ebidensiya na nagpapamalas na ang namumuhunan ay tumutupad sa mga tuntunin kung saan ang sertipiko ng namumuhunan sa CNMI ay ibinigay. Dagdag pa, katulad ng nabanggit dati, maaaring mawala ng namumuhunan ang kalagayan sa imigrasyon kung hindi siya nagpanatili ng patuloy na paninirahan sa CNMI.

**Q24. Anong ebidensiya ang dapat ibigay ng aplikante para sa E-2 CNMI Namumuhunan?**
*A24.* Lahat ng dokumentasyong dati nang naisumite sa bawat aplikasyon ng namumuhunan sa gobyerno ng CNMI ay dapat isumite bilang bahagi ng bawat E-2 CNMI na petisyon sa USCIS.

<u>Lahat ng Mga Indibiduwal</u>
Lahat ng mga indibiduwal ay dapat magbigay ng sumusunod na ebidensiya ng ayon sa batas na pagpasok sa CNMI:

- Isang balidong hindi pasong banyagang pasaporte; at
- Isang maayos na naendorsong pagpasok na dokumento sa CNMI (hal. pahintulot sa pagpasok, sertipiko ng pagpasok o visa ng banyagang namumuhunan) na may panahon ng pagkabalido na kasama ang Nob. 28, 2009.

<u>Mga Indibiduwal na may isang ibinigay ng CNMI na pahintulot sa pagpasok ng banyagang namumuhunan o pahintulot sa pagpasok ng negosyong pangmatagalang-panahon</u>

Ang aplikante na may ibinigay ng CNMI na pahintulot sa pagpasok ng banyagang namumuhunan o pahintulot sa pagpasok ng negosyong pangmatagalang-panahon ay kailangang magsumite ng ebidensiya na magpapakitang siya ay nagpanatili ng kanyang puhunan sa E-2 CNMI aplikasyon ng Namumuhunan. Maaaring kasama sa ebidensiyang ito ang:

- Isang liham ng pag-apruba na inilaan ng gobyerno ng CNMI;
- Ebidensiya na ang kapital ay naipuhunan, katulad ng mga statement ng bangko, mga resibo o mga kontrata para sa mga ari-ariang binili, mga talaan ng transaksiyon sa pagbili ng stock, utang o ibang mga kasunduan sa paghiram, mga upa sa lupa, mga pinansiyal statement, mga resibo sa kabuuang buwis ng negosyo, o ibang mga kasunduan na sumusuporta sa aplikasyon;
- Ebidensiya na ang aplikante ay namuhunan ng pinakamababang kailangang halaga, katulad ng ebidensiya ng mga biniling pag-aari o pag-aaring nilipat mula sa ibayong dagat para magamit sa negosyo, ebidensiya ng perang nalipat o naipangako sa bago o umiiral na negosyo kapalit ng mga hati ng stock, anumang utang o pagkakasanla, pangakong sulat, kasunduan sa seguridad o ibang ebidensiya ng paghiram na nakaseguro ng mga pag-aari ng aplikante;
- Isang komprehensibang plano ng negosyo para sa mga bagong negosyo;
- Mga artikulo ng inkorporasyon, by-laws, kasunduan sa pagsososyo, mga kasunduan sa joint venture, detalye ng korporasyon at taunang mga ulat, mga sinumpaang salaysay, mga deklarasyon o mga sertipikasyon ng bayad-na na kapital;
- Kasalukuyang mga lisensiya ng negosyo;
- Mga talaan ng rehistrasyon ng banyagang negosyo, mga kamakailang pagbabalik ng buwis ng anumang uri, ebidensiya ng ibang mga pagmumulan ng kapital;
- Listahan ng lahat ng naninirahan at hindi naninirahang mga empleyado;
- Isang listahan ng lahat ng mga mayhawak ng mga sertipiko ng negosyo para sa nakatatag na negosyo; o
- Isang listahan ng lahat ng mga korporasyon kung saan ang aplikante ay may namamahalang interes.

Para sa may-hawak ng sertipiko ng banyagang namumuhunan, ang mga kopya ng taunang ulat ng mga aktibidad sa puhunan sa CNMI na nagpapakita na ang may hawak ng sertipiko ay nasa ilalim ng patuloy na pagtupad sa mga pamantayang kailangan. Ang bawat ulat ay dapat may kasamang taunang pinansiyal na audit na ulat na isinagawa ng independiyenteng sinertipikuhang pampublikong accountant.

<u>Mga indibiduwal na may ibinigay ng CNMI na pahintulot sa retiradong namumuhunan</u>
Ang mga retiradong namumuhunan ng CNMI ay dapat magsumite ng sumusunod kasama ang kanilan aplikasyon para sa E-2 CNMI na kalagayan sa Namumuhunan:

- Patunay na ang banyagang aplikante ay may interes sa pag-ari sa CNMI, katulad na kasunduan sa upa;
- Patunay ng halaga ng ari-arian, katulad ng appraisal; at
- Patunay ng anumang pagpapabuti sa ari-arian, na maaaring may kasamang mga resibo o mga invoice ng mga gastos sa pagpapagawa, ang halagang binayaran para sa umiiral nang istraktura o isang appraisal ng mga pagpapabuti.

**Q25. Kailan maaaring magpatala para sa E-2 CNMI kalagayan ng Namumuhunan ang mga indibiduwal?**

*A25.* Ang mga petisyon para sa E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan ay maaaring maisumite sa Ene. 18, 2011. Anumang mga petisyong natanggap bago ang Ene. 18, 2011 ay tatanggihan. Ang mga namumuhunang E-2 CNMI ay maaaring mag-apply para sa mga pagbabago ng kalagayan sa alinmang hindi migrante o migranteng mga klasipikasyon ng visa kung saan sila ay maaaring kwalipikado anumang oras sa panahon ng transisyon.

**Q26. Ano ang pinal na petsa na ang mga petisyon ay tatanggapin para sa E-2 CNMI Namumuhunang visa?**

*A26.* Ang pinal na katanggap-tanggap ng petsa sa inisyal na E-2 CNMI na mag petisyon ng namumuhunan ay sa Ene. 18, 2013.

**Q27. Anong aplikasyon ang dapat isumite para sa E-2 CNMI visa ng Namumuhunan?**
*A27.* Ang umiiral na Form I-129, Tagapetisyon para sa isang Hindi Migranteng Manggagawa, kasama ang Suplemento E ay ang form sa aplikasyon na gagamitin para humiling ng E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan.

**Q28. Magkano ang aplikasyon?**
*A28.* Ang bayad sa pagproseso ng Form I-129 ay $325. Dagdag pa, ang bayad sa biometrics para sa mga aplikanteng nasa CNMI na nagpapatala para sa inisyal na pagbibigay ng kalagayan ay $85**.**

**Q29. Saan ako dapat magpadala ng aplikasyon?**
*A29.* Karamihan ng mga aplikasyon sa migrasyon sa U.S., kasama ang Form I-129, ay pinadadala sa koreo. Ang mga detalyadong tagubilin para sa bawat form, kasama ang address kung saan dapat ipadala ang aplikasyon, ay mahahanap on-line sa www.uscis.gov/forms. Lahat ng mga E-2C na petisyon ay ipadadala sa California Service Center sa: P.O. Box 10698, Laguna Niguel, CA 92607-1098. Lahat ng mga courier/express na pagpapadala ay dapat ipadala sa 24000 Avila Road, 2nd Floor, Room 2312, Laguna Niguel, CA 92677.

Dapat nasa CNMI ka o sa labas ng Estados Unidos sa panahon na ang aplikasyon mo ay isinumite sa USCIS. Kung nasa labas ka ng Etados Unidos sa pag-apruba, kailangan mong kumuha ng E-2 CNMI Namumuhunang hindi migranteng visa sa isang Embahada ng Estados Unidos o konsulado sa ibayong dagat upang makapasok sa CNMI bilang isang E-2 CNMI na Namumuhunan.

**Q30. Mayroon bang pagpapaubaya sa bayad?**
*A30.* Oo, ang pinal na patakaran ay nagpapahintulot na ang aplikante ay magsumite para sa pagpapaubaya sa bayad. Kung nais mong magpatala sa pagpapaubaya ng bayad, kailangan mong kumpletuhin at isumite ang Form I-912, Hiling para sa Pagpapaubaya ng Bayad kasama ang Form I-129 na petisyon.

**Q31. Bakit pinapahintulot ng patakaran ang pagpapaubaya ng bayad para sa "namumuhunan" na gagawa ng makabuluhang perang puhunan upang makakuha ng visa?**
*A31.* Ang pagpapaubaya ng bayad sa pagsusumite ng Form I-129 ay karaniwang hindi pinahihintulutan. Subalit, pinahihintulutan ng USCIS ang pagpapaubaya na limitado sa mga namumuhunan sa ilalim ng patakarang ito sa CNMI dahil sa kasalukuyang hindi mabuting ekonomikong kundisyon doon at dahil ang mga retirado at mga may-ari ng maliliit na negosyo ay kasama sa bagong hindi migranteng kategoryang ito. Ang probisyon sa pagpapaubaya ng bayad ay limitado sa mga nagpapakita ng hindi kakayahang magbayad. Naiintindihan ng USCIS na ang ilang karapat-dapat na mga retiradong Namumuhunan sa CNMI ay maaaring namuhunan ng karamihan sa ipon nila sa mga pamumuhunang tirahan, at maaaring nabubuhay sa mga pirming kita at maaaring maging kwalipikado para sa mga pagpapaubaya.

Ang mga aplikante sa CNMI na nagpapatala para sa inisyal na pagbibigay ng kalagayan ay kailangan ring magsumite ng bayad sa serbisyong biometric. Ang bayad na ito ay mapapaubaya para sa walang kakayahang magbayad sa ilalim ng mga kasalukuyang regulasyon ng USCIS.

**Q32. Ano ang aking magagawa kung tinanggihan ang aking aplikasyon?**
*A32.* Katulad ng ibang mga adyudikasyon ng Form I-129, ang pagtanggi ng E-2 CNMI na aplikasyon ng namumuhunan ay maaaring iapila sa USCIS Administrative Appeals Office para sa pagrepaso.

**Q33. Ang kalagayan sa imigrasyon ba ay umaabot sa mga dependyente sa mga E-2 CNMI na Namumuhunan?**

*A33*. Ang patakaran ay nagpapahintulot sa mga dependyente sa prinsipal ng E-2 CNMI na Namumuhunan na samahan o sumunod na sumama sa pangunahing namumuhunan, anuman ang pagka-mamamayan ng mga umaasang ito. Upang maging kwalipikado para sa kalagayang ito, ang asawa at mga anak ay dapat maaaring makapasok sa Estados Unidos sa ilalim ng INA. Ayon sa nakabalangkas sa ibaba, upang makakuha ng kalagayang ito, ang dependyenteng nakatira sa CNMI ay kailangang magsumite ng Form I-539, Aplikasyon na Palawigin/Baguhin ang Kalagayan.

**Q34. Paano makakakuha ang depenyenteng (asawa o anak)ng deribatibang E-2 CNMI na kalagayan sa Namumuhunan?**
*A34*. Kung ang dependyente ay nakatira sa CNMI, siya ay kailangng magsumite ng Form I-539, Aplikasyon na Palawigin/Baguhin ang Kalagayan. Ang bayad sa form na ito ay $290, at ang bayad sa biometric ay $85 kung humihiling ng inisyal na pagbigay ng kalagayan sa CNMI. Ang mga pagpapaubaya sa bayad ay para sa walang kakayahang magbayad. Kung nasa ibayong dagat, ang asawa at/o anak ay hindi dapat magsumite ng Form I-539 ngunit ang bawat dependyente ay dapat mag-apply para sa isang E-2 CNMI visa sa angkop ng embahada ng U.S. o konsulado.

**Q35. Para gaano katagal balido ang E-2 CNMI visa ng Namumuhunan?**
*A35*. Ang inisyal na panahon sa admisyon ay dalawang taon. Sa pag-apruba ng (mga) aplikasyon para sa kalagayang deribatiba, ang asawa at mga menor-de-edad na anak na kasama o susunod upang sumama sa isang E-2 CNMI na namumuhunan ay papapasukin para sa parehong panahon na ang prinsipal na namumuhunan ay nasa balidong E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan.

**Q36. Ano ang mangyayari sa mga dependyente kung ang E-2 CNMI na Namumuhunan ay pansamantalang umalis mula sa CNMI?**
*A36*. Ang deribatibang kalagayan ng dependyenteng asawa at mga anak ay hindi maaapektuhan, basta ang pamilyang relasyon ay patuloy at ang prinsipal ay nananatiling karapat-dapat para sa pagpasok bilang E-2 CNMI na namumuhunan.

**Q37. Paano pamamahalaan ang mga pahintulot sa trabaho?**
*A37*. Lahat ng E-2 CNMI pahintulot sa pagtatrabaho ng Namumuhunang prinsipal at asawa ay limitado sa pagtatrabaho sa CNMI. Ang ilang mga namumuhunan at mga asawa nila ay nararapat na magtrabaho sa CNMI:

- Ang E-2 CNMI na Namumuhunan ay awtorisadong magtrabaho sa partikular na pinagtatrabahuhan na natukoy ng pangmatagalang-panahong namumuhunang kalagayan sa ilalim ng batas ng CNMI kung saan ang pagbigay ng E-2 CNMI na kalagayan sa Namumuhunan ay nakabatay.
- Ang asawa ng isang E-2 CNMI na Namumuhun ay maaaring humiling ng pahintulot magtrabaho matapos siya ay ayon sa batas na nakakuha ng E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan at nasasabatas na pumasok sa CNMI. Ang mga asawa ng E-2 CNMI na mga Namumuhunan na inisyal na nagkaroon ng Mga Sertipiko ng Retiradong Namumuhunan sa CNMI ay hindi awtorisadong kumuha ng pahintulot sa trabaho .
- Ang pahintulot sa trabaho ay hindi pinapayagan para sa mga anak ng mga E-2 CNMI na mga namumuhunan.
- Ang mga E-2 CNMI na Namumuhunan na may kalagayan sa ilalim ng pahintulot ng retiradong namumuhunan o ang mga asawa nila ay hindi pinahihintulutang magtrabaho. Ang pagpasok sa CNMI bilang "retirado" ay hindi alinsunod sa pagkuha ng trabaho.

Ang E-2 CNMI na Namumuhunang prinsipal na pahintulot sa trabaho ay partikular-sa-pagtatrabahunan insidente sa E-2 CNMI na kalagayan sa Namumuhunan, kaya ang prinsipal ay hindi kailangang mag-apply para sa Dokumento ng Pahintulot Magtrabaho (Employment Authorization Document) (EAD). Ang pasaporte ng namumuhunan at ang Form I-94 na nagpapakita ng kalagayan ng E-2 CNMI na Namumuhunan ay tanggap na mga uri ng dokumentasyon upang makumpleto ang Pagpapatotoo ng Pagiging-Karapat-dapat sa Pagtatrabaho, Form I-9, kapag magsisimula sa anumang trabaho na

pinahintulutan sa ilalim ng kalagayang iyon. Ang asawa ay dapat magpatala para sa isang EAD, gamit ang Form I-765, upang mabigyan ng pahintulot magtrabaho. Kung nabigyan ng EAD, ang asawa ay maaaring gumamit nito bilang patunay ng pagkakakilanlan at pahintulot sa trabaho para sa layunin ng Form I-9 sa alinmang pagtatrabahuhan sa CNMI.

**Q38. Ano ang mangyayari kung ang indibiduwal ay nagpalit ng pinagtatrabahuhan nang hindi nagsusumite sa USCIS?**
*A38.* Ang hindi pinahintulutang pagbabago ng pinagtatrabahuhan sa bagong pinagtatrabahuhan ay maaring magdudulot na mawala ng indibiduwal ang naaayon sa batas na kalagayan.

**Q39. Maaari ba ang mga E-2 CNMI na Namumuhunan ay mag-apply para sa pagpapalawig?**
*A39.* Oo. Ang indibiduwal ay maaaring magpatala para sa pagpapalawig bago mapaso ang kalagayan. Ang indibiduwal na may E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan ay maaaring magpatala para sa pagpapalawig hanggang sa pagtatapos ng panahon ng transisyon.

**Q40. Ano ang kakailanganin para sa pagpapalawig ng pananatili?**
*A40.* Upang magpatala para sa pagpapalawig ng pananatili, ang E-2 CNMI na namumuhunan ay kailangang magsumite ng bagong Form I-129 at Suplemento E kasama ang kailangang ebidensiya at bayad.

**Q41. Ang visa bang ito ay nagpapahintulot ng isang E-2 CNMI na Namumuhunan na magbiyahe saanman sa Estados Unidos?**
*A41.* Hindi. Ang E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan para sa pangmatagalang-panahong CNMI na namumuhunan ay isang "CNMI-lang na hindi migranteng" kalagayan at hindi umiirals sa kabuuan ng Estados Unidos. Hindi ito nagpapahintulot ng pagpasok sa Guam o saanmang ibang bahagi ng Estados Unidos. Subalit, hindi nito hahadlangan ang pagbiyahe kung ang namumuhunan ay sa halip awtorisado at makakapasok sa Estados Unidos nang may ibang kalagayan.

**Q42. Ano ang mangyayari kung ang E-2 CNMI na Namumuhunan ay bumiyahe sa ibang bahagi ng Estados Unidos tanging base sa CNMI-lang na E-2 visa?**
*A42.* Ang pagbiyahe o pagtangkang pagbiyahe mula sa CNMI papunta sa ibang bahagi ng Estados Unidos nang walang angkop na visa o ibang awtorisasyon ay paglabag sa E-2 CNMI na kalagayan ng Namumuhunan. Kung ang indibiduwal ay hindi nakatupad sa mga kundisyon ng E-2 CNMI kalagayan ng Namumuhunan, siya ay maaaring mapatalsik mula sa CNMI o saanmang ibang lokasyon sa U.S..

**Q43. Ang E-2 CNMI na Namumuhunan ba ay makakabiyahe sa labas ng Estados Unidos at bumalik sa CNMI?**
*A43.* Oo, ang pinal na patakaran ay nagpapahintulot sa pagbiyahe sa labas ng U.S. Subalit, ang mga indibiduwal na nasa CNMI sa ilalim ng CNMI-lang na hindi migranteng kalagayan na aalis at nais bumalik sa parehong kalagayan ay kailangang kumuha ng visa mula sa U.S. Department of State upang muling makapasok sa CNMI. Samakatuwid, kung ang E-2 CNMI na Namumuhunan ay kumuha ng kanyang kalagayan mula sa USCIS sa CNMI, kailangan niyang kumuha ng E-2 CNMI na visa ng Namumuhunan mula sa Embahada o Konsulado ng U.S. upang muling makapasok sa CNMI, anuman ang pagkamamamayan. Ang pag-apruba ng USCIS ng E-2 CNMI kalagayan ng Namumuhunan ay naglalaan ng kalagayan habang nasa CNMI, ngunit hindi inaalis ang pangangailangan para sa visa para makapasok sa CNMI.

**Q44. Ano ang proseso sa pagkuha ng visa sa ibayong dagat?**
*A44.* Kapag inaprubahan ng USCIS ang petisyon para sa E-2 CNMI Namumuhunang klasipikasyon, ang namumuhunan ay dapat mag-apply para sa isang E-2 CNMI visa ng Namumuhunan sa Embahada ng U.S. o Konsulado na may hurisdiksiyon sa kanilang lugar ng permanenteng pinaninirahan.

**Q45. Ilang mga publikong komento ang natanggap sa paggawa ng patakarang ito at isinaalang-alang ba sila?**

*A45*. Ang USCIS ay nakatanggap ng 13 komento. Ang DHS at USCIS ay nagrepaso at itinuring sa bawat komento na isinumite. Ang isa sa pinakakabuluhang pagbabago na nagmumula sa mga pampublikong komento, ang pinal na patakaran na nagbawas sa pinakamaliit na puhunang sa CNMI Pangmatagalang-Panahong may hawak sa Pahintulot sa Pagpasok ng Negosyo na may CNMI Sertipiko sa Pangmatagalang-Panahong Negosyo sa $50,000 mula sa $150,000 na pasimula sa panukalang batas. Lininaw din ng USCIS ang paraan kung paano ng E-2 CNMI na kalagayan sa Namumuhunan ay direktang ibibigay sa CNMI gamit ang angkop na pagpaubayang awtoridad sa ilalim ng INA, nang hindi kinakailangan na ang mga namumuhunan ay bumiyahe sa ibayong dagat upang makakuha ng visa para muling makapasok sa E-2 na kalagayan ng Namumuhunan. Lahat ng mga komentong natanggap ay ipinaskil nang walang pagbabago sa http://www.regulations.gov, bilang bahagi ng pinal na patakaran.

– USCIS –